# Habang ang isang lalaki ay nakatayo sa `Arafah,nahulog ito sa kamelyo niya,Bumagsak ito-o Nagsabi siya: Ibinagsak niya ito- Nagsabi ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Paliguan ninyo siya sa tubig at Puno ng Nabk,At balutin ninyo siya sa damit niya,at huwag ninyo siyang [lagyan ng] pabango,at huwag ninyong takpan ang ulo niya,Sapagkat babangon siya sa Araw ng Pagkabuhay na Tumutugon

Ayon kay `Abdullāh bin `Abbās, malugod si Allah sa kanilang dalawa-siya ay nagsabi:((Habang ang isang lalaki ay nakatayo sa `Arafah,nahulog ito sa kamelyo niya,Bumagsak ito-o Nagsabi siya: Ibinagsak niya ito- Nagsabi ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Paliguan ninyo siya sa tubig at Puno ng Nabk,At balutin ninyo siya sa damit niya,at huwag ninyo siyang [lagyan ng] pabango,at huwag ninyong takpan ang ulo niya,Sapagkat babangon siya sa Araw ng Pagkabuhay na Tumutugon))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Habang ang isang lalaki mula sa kasamahan ng Propeta,ay nakatayo sa `Arafah sa Kamelyo niya,sa Hajj ng Pamamaalam, sa loob ng pagiging Ihram,siya ay nahulog rito,nabali ang leeg niya at ikinamatay niya,Ipinag-utos sa kanila ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na paliguan siya tulad ng pagpapaligo sa mga ibang patay,[gamit ang] tubig,puno ng Nabk,at balutin siya sa damit at sarong niya,na siyang ginamit niya sa Pag-Ihram.At dahil sa siya ay nasa loob ng pagiging Ihram sa pagsasagawa ng Hajj at ang mga bakas ng Pagsamba ay nananatili sa kanya,Ipinagbawal sa kanila ng Sugo ni Allah--pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na pabanguhan siya at ang takpan ang ulo niya,At binanggit niya sa kanila ang layunin doon,Ito ay dahil sa siya ay muling babangunin ni Allah sa kalagayan ng pagkamatay niya,ito ay ang Pagtugon [ sa Allah],na siyang Tanda sa pagsasagawa ng Hajj.